

Chapter 9

DOs at DON'Ts

Bilang huling paksa sa pagpapalano ng ating career, mabuting mapaalalahan tayong mga marino sa anu-ano ba ang dapat at hindi dapat gawin bago tayo pumalaot sa ating trabaho.

Sa airport pa lang patungo sa puerto kung nasaan ang barkong ating sasampahan may mga bagay na dapat na tayong tandaan.

Kapag nalimutan natin ang alinman sa mga ito, tiyak na magkakaaberya sa airport pa lang at, malamang sa hindi, hindi tayo makakasakay sa ating barko ayon sa schedule.



A. Sa Airport

Sa airport, o kung minsan sa seaport, na ating daraanan patungo sa barkong ating sasakyan, may mga dapat tayong tandaan na dapat gawin o di-dapat gawin para na rin sa ating kapakanan.

Kapag nalimutan natin ang alinman sa mga ito, tiyak na magkakaaberya sa airport pa lang at, malamang sa hindi, hindi tayo makakasakay sa ating barko ayon sa schedule. At kung mamalasin, baka makulong pa tayo kaya dapat natin itong seryusohin.

Sa ating hand carried bag na di-hihigt sa 7 kilo ang bigat: bawal maglagay ng mga sumusunod:

- Anumang likido na may daming 100 ml
- Matutulis at matatalim na bagay tulad kutsilyo, gunting at iba pa
- Flammable, corrosive, at toxic substances gaya ng butane, acetone, asido, alcohol at iba pa.
- Piratang video, DVD
- Pornographic materials

Sa atin namang check-in luggage na hindi lalampas sa 40 kilos ang bigat, mahigpit na ipinagbabawal ilagay ang sumusunod:

- Drugs at ipinagbabawal na substance tulad ng shabu, marijuana, at iba pa
- Baril at bala
- Firecracker o paputok
- Sharp bladed objects tulad ng kutsilyo, gunting atbp
- Flammable and explosive substances
- Piratang DVD, foreign movie man o local at mga movies na illegal na na-download sa Internet at naka-save sa laptop.
- Pornographic materials, photos man tulad ng magazine o videos tulad ng pelikula
- Alcohol at katulad na solvents
- Sariwang prutas, gulay at halaman
- Sariwa (di-luto) o unprocessed na karne ng baboy o baka
- Exotic food tulad ng pritong palaka, ginataang bayawak, at iba pa
- Stun gun at flashlight with electric shock
- Power bank
- Alak na lampas sa allowed limit

Laging nakahanda ang sumusunod na travel documents kung sakaling kailanganin:

- Passport at seaman's book with valid visa
- Overseas Employment Certificate
- Copy of POEA-SEC
- PDOS Certificate
- Confirmed plane ticket
- Immigration/Departure Card
- Photos

Para makasigurado, magkaroon ng back-up na digital copy ang mga dokumento. Kunan ng picture ang mga ito at i-save sa email para madaling ma-retrieve via Internet.

Tandaan, huwag na huwag tatanggap ng anumang bagahe na pinakikisuyo, kakilala man natin o hindi ang nakikisuyo, nang hindi natin nakikita ang laman nito.

Ilagay ang buong pangalan at address sa loob at labas ng luggage.

Mabuti ring mag-iwan ng palatandaan sa ating luggage.

Magbihis nang disente, komportable at naaayon sa klima.

Pagdating sa airport na pupuntahan, maghintay ng susundo. Kung di dumating ang sundo, tawagan. Kaya importanteng alam natin ang contact details ng agent ng kompanya sa lungsod o bansang iyon. Hintayin lang ang agent, huwag lalabas ng airport nang wala ang agent.

Ilang pangkalahatang paalala para sa ating kabutihan at seguridad:

- Magkaroon ng pahapyaw na pag-aaral sa bansang pupuntahan para may idea tayo sa mga batas at kultura nila. Madali ito via Internet.
- Dumating sa airport nang maaga para makaiwas sa mahabang pila
- Huwag kumuha ng anumang gamit na pang souvenir sa eroplano; ipagpaalam ito sa kinauukulan
- Ingatan ang passport; wag ipahihiram. Tiyakin nakatago ito sa ligtas na lalagyan.
- Laging may baon kahit \$200 for emergency
- May listahan ng contacts kung may emergency pati embahada sa lugar na pupuntahan
- Kung may emergency situation sa lugar na pinuntahan tulad ng kalamidad o kaguluhan, agad i-update ang opisina sa ating kalagayan
- Kung may dalang gamot sa bagahe, dapat may dalang reseta o sulat mula sa duktor
- Huwag magsuot ng mga alahas.
- Sikaping mag-blend sa mga tao; iwasang maging kapansin-pansin
- Iwasang may malabag na batas sa lugar na pupuntahan
- Sa airport, bantayan ang bagahe habang dumadaan sa x-ray machine
- Huwag tumanggap ng pagkain o anumang inumin sa mga di-kilala
- Manatiling kalmante kapag kausap ng mga awtoridad, kung may problema at kailangang kontakin ang embahada, magpursigeng makontak ito
- Kung maglalakad-lakad sa ibang bansa, manatili sa maliliwanag na lugar, iwasan ang madidilim na lugar at laging lumakad ng grupo.
- Iwasan ang mga public disturbance tulad ng rally o demonstration
- Maging alisto sa mga modus ng mandurukot
- Huwag magbiro ng tungkol sa droga, relihiyon, bomba na maglalagay sa atin sa alanganin.

B. DON'Ts sa barko

May mas mahahalaga tayong kailangang tandaan sa mga dapat at hindi dapat gawin kapag nagtatrabaho na tayo sa barko.

Higit na dapat nating seryusohin ang pagtalima sa mga ito dahil ang pagkaligta sa mga ito ay may malaking implikasyon sa atin mismo, sa mga kasama natin sa barko at maging sa ating employer.

Hindi lang miyun-milyong dolyar na multa at kulong ang ibubunga ng di-pagsunod rito, maaaring maglagay din sa atin sa bingit ng kamatayan. Ibig sabihin, maaring nakasasalay sa pagsunod sa mga paalalang ito ang ating kaligtasan sa laot.

1. Huwag sumunod sa illegal na utos ng mga nakatataas sa atin.

Alam natin ang mga regulasyon sa ilalim ng SOLAS, STCW, MARPOL, COLREG, ISPS at iba pa. Kung alam nating illegal ang utos, maaari tayong tumanggi.

Maraming narereport kaugnay ng ilegal ng pag pump out ng oil bilge sa dagat o pagtapon ng hazardous na basura sa dagat ang nakakasuhan at nakukulong.

2. Maging matapat sa pagsulat ng entry sa mga dokumento sa barko. Ang maling mga record o entry sa mga papeles ay maaring magresulta sa mga aksidente o emergency situation sa barko na posibleng ikamatay natin o ng kasama nating marino. Maaari rin itong magbunga sa mga maling interpretasyon at pagkawalang-bisa ng insurance kapag may nasira sa barko.

3. Huwag pumayag na pumasok ang sinuman sa ating kabina nang walang pahintulot.

May isang insidente na nagtago ang isang oiler ng 3 CD ng pornographic video sa kabina ng AB nang walang pasabi sa huli para itago sa Customs ng isang bansa. Nang sumampa mga Customs inspectors, natuklasan ang mga CD. Dahil dito inaresto ang oiler at AB.

4. Maging mapagpasensya; huwag makipag-away sa barko lalo na pisikal na away. Isang marino ang nasuspende matapos makipag-away sa kapwa marino habang ang kanilang barko ay nasa puerto sa United States. Dapat inireklamo niya ang kaaway sa kanilang opisyal sa barko. Sa mga ganitong kaso, saklaw ito ng mga batas ng bansa kung nasaan ang barko.

5. Don't drink and drive.

Popular na kasabihan ito sa lupa na praktikal ding ipatupad habang nasa barko. Nagtatrabaho ka man sa engine room o nagbabantay sa bridge, huwag uminom ng alak habang naka-duty.

Isang nakainom na kapitan ng bulk carrier MV Kathrina ang nagkamali ng kalkulasyon at sumadsad ang kanyang barko sa Goodwin Sands sa Dover sa English Channel.

6. Dumating sa oras, huwag male-late.

Karaniwang problema sa nagso-shore leave ng mga marino ang hindi bumabalik sa tamang oras kaya naiiwan sila ng barko o nagkakaroon ng di-kailangang gastos ang owner dahil sa pagkaatraso ng barko.

7. Hindi natin pag-aari ang barko pati na supplies o provisions.

Isang chief engineer ang nakulong matapos mahuling ibinibenta nito ang bunker ng barko at ibinubulsa ang benta; ang kanyang opisina mismo ang nagsampa ng kaso laban sa kanya.

8. Huwag maging "parcel boy" o taga deliver ng gamit ng iba. May isang seaman ang na-hold sa Singapore Airport dahil sa sumobra sa allowable limit ang alak na dala dahil sa pinakisuyong parsela ng kasamang marino. Nagmulta ang nahuli at di na nakasama sa scheduled na flight dahil sa pagka-hold niya.

C. DOs sa Barko

Mayroon ding maaaring gawin upang magustuhan ng mga kasama sa barko. Ilan sa mga ito ang sumunod:

1. Huwag bumuo ng paksyon o grupo sa barko.
2. Iwasan ang paninisi ng iba.
3. Matutong i-compliment o kilalanin ang nagagawang maganda ng kapwa marino.



4. Maging mapagpakumbaba; bantay ang sariling ego o pride.
5. Maging matulungin sa kapwa marino.
6. Huwag hayaan maapektuhan ang trabaho ng mga personal na problema at huwag payagang maapektuhan ng problema sa trabaho ang personal na buhay.
7. Huwag gumawa ng kuwento-kuwento lalo na kung laban sa kapwa marino. Ibig sabihin, huwag gumawa ng tsismis sa barko.

Sa kabuuan, ang magiging kapalaran natin sa barko ay pangunahing nakasalalay sa atin. Malaki ang ikagagaan ng anumang bigat ng trabaho kung nagkakasundo at nagtutulungan tayo sa isa't isa habang nasa barko.

Dagdag pa, mas madali nating mararating ang pangarap nating maging MLO kung, bukod sa todo-kaya nating pagtatrabaho sa barko, magiging mabuti rin ang ating pakikisama sa mga kapwa nating marino, nakatataas man o nakabababa sa atin.